


# 2015 Census Test

## Paghahanda para sa 2020 Census



### Maricopa County, AZ

Ang Census Bureau ay magsasagawa ng 2015 Census Test sa mga bahagi ng Maricopa County sa Arizona. Ang pagsusubukang lugar ay kinabibilangan ng humigit-kumulang na 1.6 milyong yunit ng bahay.

Para sa mga karagdagang impormasyon, bumisita sa [census.gov](http://census.gov).

Araw ng Census ay Abril 1, 2015.

Ang U.S. Census Bureau ay nananaliksik ng makabago at matipid na mga pamamaraan para sa populasyon para magampanan nila ang kanilang tungkulin bilang mamamayan para mapabilang sa 2020 Census. Maging ito man ay sa pamamagitan ng Internet, telepono, o mga nakaugaliang palatanungan sa papel (kuwestionaryo), ang Census Bureau ay tapat sa sapilitang minsan sa isang dekadang pagbibilang ng tao na mabilis, madali at ligtas para sa lahat ng makikibahagi.

Sa pamamagitan ng 2015 Census Test, makakapagsagawa ang Census Bureau, sa maliit na bilang, ng mga bagong pamamaraan at makabagong teknolohiya na mga isinasaalang-alang para sa 2020 Census.

### Ang Layunin ng 2015 Census Test sa Maricopa

Ang 2015 Census Test sa Maricopa County, AZ, ang susubok sa mga pamamaraan para mapaganda pa ang kahusayan at pagiging epektibo ng "nonresponse follow-up" (o pag-follow up sa mga hindi sumagot). Sa mga nakalipas na census, ang humigit-kumulang na isang ikatlong bahagi ng mga sambahayan ay hindi nagbalik ng kanilang palatanungang walang taong bumisita. Ang mga pagpapa-follow up na pamamaraan ang pinakamagastos na bahagi ng census, at ang pagpapahusay ng pagiging epektibo ng mga operasyon ng pagpapa-follow up ay kritikal sa matipid na census.

### Mga Layunin

- Subukan ang pagiging epektibo ng computer-based na pagsasanay para sa aming mga tauhan nasa field at ikumpara ito sa mga nakaugaliang pagsasanay sa loob ng silid-aralan.
- Pag-aralan ang bagong teknolohiya na nagbibigay-kakayahan sa amin para maging mas epektibo sa pagtatalaga ng mga kaso sa aming mga tauhan sa field.
- Direktang mangalap ng mga datos sa isang smartphone, sa halip na sa isang papel.
- Subukan kung ang pagpapagamit sa mga empleyado ng kanilang sariling mobile na aparato para makakuha ng mga sagot sa census ay mas matipid at epektibo.
- Subukan ang isang bagong pamamaraan ng pangangasiwa ng mga tauhan sa field at ikumpara ito sa pamamaraang ginamit noong 2010.
- Subukan kung gaano kahusay mapupunan ng impormasyong naibigay na sa gobyerno, tulad ng mga form sa buwis at mga iba pang rekord (mga rekord na pang-administratibo), ang mga kakulangang nilikha ng mga hindi sumagot na mga sambahayan sa aming pangongolekta ng mga datos.

### Pagtanggap sa Trabaho sa Isang Pansamantalang Lokal ng Taggapan ng Census

(Disyembre 2014 - Hulyo 2015)

#### Mga Posisyon sa Kawanihan ng Opisina

	Sahod/oras
Local Census Office Manager	\$28.25
Assistant Manager for Field Operations	\$23.75
Assistant Manager for Technology	\$20.50
Assistant Manager for Administration	\$20.50
Office Operations Supervisor	\$16.75
Mga Clerk at Receptionist	\$12.25

#### Mga Posisyon sa Census Test

	Sahod/oras
Mga Field Operating Supervisor	\$19.25
Local Supervisor of Operation	\$19.25
Crew Leader	\$17.75
Crew Leader Assistant	\$16.25
Enumerators	\$16.25